



Republic of the Philippines  
Province of Oriental Mindoro  
**MUNICIPALITY OF ROXAS**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA - 60 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-8 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 07 OKTUBRE 2014, IKA-1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis  
Konsehal Eduardo K. Soriano  
Konsehal Johnell C. Sñel  
Konsehal Gualberto V. Magno  
Konsehal David D. Dela Cruz  
Konsehal Ramil O. Dimapilis  
Konsehal Juan S. Advincula  
Konsehal Elsie F. Galaran  
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.  
Konsehal Joseph M. Galicia

- Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo: W A L A

ORDINANSANG BLG. 06  
Taong 2014

ORDINANSANG NAG-AAMYENDA SA SEKSYON III NG PAMBAYANG ORDINANSANG BLG. 05 TAONG 2000 NA MAY TITulong "ORDINANSANG NAGTATAKDA NG KAUKULANG BAYARIN SA PAGGAMIT NG ROXAS MULTI-PURPOSE GYMNASIUM SA BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO PARA SA MGA GAWAING PANGSOSYAL, PANGKULTURA AT PANGREKREASYON".

SAPAGKAT, ang nakaraang Sangguniang Bayan ng Roxas ay nagpasa ng Pambayang Ordinansa Blg. 05 Taong 2000 na may titulong "Ordinansang Nagtatakda ng Kaukulang Bayarin sa Paggamit ng Roxas Multi-Purpose Gymnasium sa Bayan ng Roxas:

SAPAGKAT, ang mga nakapaloob na kaukulang bayarin sa nabanggit na ordinansa ay hindi na angkop sa kasalukuyang panahon at lubhang napakababa para sa pagmimintina ng Roxas Multi-Purpose Gymnasium.

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Roxas ay natalagay sa disbentaheng posisyon sa tinuing ang Roxas Multi-Purpose Gymnasium ay ginagamit ng mga pribadong tao at institusyon para sa kanilang mga aktibidad at mga programang pangrekreasyon, pangkultura, pangsosyal at pangpalakasan.

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas ay naniniwala base sa pag-aaral na nararapar lamang na itaas na ang mga bayarin sa paggamit ng Roxas Multi-Purpose Gymnasium upang sa gayon ay matugunan ang pangangailangan sa pagmimintina at operasyon ng nasabing pasilidad.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Ramil O. Dimapilis na pinangalawahan nina Konsehal David D. Dela Cruz, Konsehal Juan S. Advincula, Konsehal Elsie F. Galaran at Konsehal Joseph M. Galicia -

IPINAG-UUTOS NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA

SEKSYON I. Ang Ordinansang ito ay kikilalaning Ordinansang nag-aamyenda Seksyon III ng Pambayang Ordinansang Blg. 05 taong 2000 na may titulong "Ordinansang Nagtatakda ng Kaukulang Bayarin sa Paggamit ng Roxas Multi-Purpose Gymnasium sa Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro para sa mga Gawaing Pangsosyal, Pangkultura, Pangrekreasyon".

SEKSYON III. Pagtatakda ng Kaukulang Bayarin sa bawat paggamit:

**PUBLIKO at PRIBADONG GAMIT:**  
**KATEGORYA A (Walang Tiket)**

1. Mayor's Permit - P100.00
2. Electric Bill - 80.00 bawat oras
3. Maintenance Fee - 200.00 bawat araw

**KATEGORYA B (May tiket)**

1. Mayor's Permit - P100.00
2. Electric Bill - 80.00 bawat oras
3. Maintenance Fee - 200.00 bawat araw
4. Amusement Tax - Base sa komputasyon ng Municipal Treasurer's Office

ay inaanyendahan tulad ng sumusunod:

SEKSYON III Pagtatakda ng Kaukulang Bayarin sa bawat paggamit at renta ng mga tanggapang nasyonal.

RENTA (Tanggapang Nasyonal) - P50.00 bawat metro kwadrado.

**PUBLIKO at PRIBADONG GAMIT:**  
**KATEGORYA A (Walang Tiket)**

1. Mayor's Permit - P500.00
2. Electric Bill - base sa aktuwal na konsumo na matatala sa electric meter
3. Maintenance Fee - 500.00 bawat araw
4. Housekeeping Fee - 500.00


**KATEGORYA B (May tiket)**

1. Mayor's Permit - P2,500.00
2. Electric Bill - base sa aktuwal na konsumo na matatala sa electric meter
3. Maintenance Fee - 500.00
4. Housekeeping Fee - 500.00
5. Amusement Tax - Ayon sa itinatadhana ng Revised Revenue Code of Oriental Mindoro 2011

SEKSYON IV. Pagkakabisa. Ang Ordinansang ito ay magkakabisa tatlong (30) araw matapos pagtibayin.

Pinagtibay: 07 Oktubre 2014

PINATUTUNAYANG WASTO:

  
**FERDINAND V. TALENS, MPA**  
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

  
**VIOLETA L. DIMAPILIS**  
Pangalawang Punong Bayan

PINAGTIBAY:

  
**JACKSON CINCO BY**  
Punong Bayan  
10:20.14

mer 3/100/14

